TX
725
A74

MGA PABORITONG LUTUING PILIPINO

ARCEO

UP CHE LIBRARY
HE012001

MGA PABORITONG LUTUING PILIPINO

(Recipes in Pilipino and English)

TINIPON AT ISINAAYOS NI

LIWAYWAY A. ARCEO 1924-

NILIMBAG NG
LIWAYWAY PUBLISHING, INC.

HE-3320 TX 725 A74

COPYRIGHT, 1969

ni

LIWAYWAY A. ARCEO

at ng

LIWAYWAY PUBLISHING, INC.

Waláng bahagi o mga bahagi ng aklát na itó ang maáaring sipiin sa anó mang paraán nang waláng nasusulat na pahintulot ng may-akdâ at ng publisista.

Nilimbág sa Maynilà, Repúbliká ng Pilipinas

PAGHAHANDOG

Sa mga Maybahay at Ginang ng Táhanan
at sa mga Kusinera ng
Kinabukasan

Pagkilala

DANGAL A. GLORIOSO: *sa pagmamakinilya sa mga orihinal na manuskrito.*

ADRIAN AMORSOLO: *sa disenyo sa pabalat at ilan sa mga larawang-guhit sa kabuuan ng aklat.*

DOMING GUTIERREZ at MAX LALATA: *sa mga larawang-guhit.*

CELIA A. BAUTISTA: *sa pagbasa sa mga pruweba at pag-aanyo sa aklat.*

Ang Nasa Aklat na Ito

MULA SA MAY-AKDA 9

UNANG BAHAGI

1. ANG PAGLULUTO NG BABOY 15
   - Litson 15
   - Litson Kawali 15
   - Sarsa ng Litson 15
   - Embutido 15
   - Hamon (1) 16
   - Hamon (2) 17
   - Asadong Baboy 17
   - Binagis 17
   - Bola-bolang Baboy 17
   - Baboy at Kabute 17
   - Kaldereta 18
   - Longganisa 18
   - Menudo 18
   - Relyenong Pata 18
   - Sinigang na Baboy sa Bayabas 19
   - Umba 19
   - Utak ng Baboy 19

2. ANG PAGLULUTO NG KARNE 21
   - Mitsado (1) 21
   - Mitsado (2) 21
   - Morkon 22
   - Dila ng Baka 22
   - Bola-bolang Karne (1) 22
   - Bola-bolang Karne (2) 23
   - Kaldereta 23
   - Kari-kari, May Gata 23
   - Goto Espesyal 23
   - Karne Manilenya 24
   - Nilagang Karne 24
   - Karne Norte at Repolyo 24
   - Karneng Nilitson 25
   - Karne at Manok 25
   - Sinigang na Karne sa Sampalok 25
   - Steak a la Tagalog 26

3. ANG PAGLULUTO NG GULAY 26
   - Bulanglang (1) 26
   - Bulanglang (2) 27
   - Kalabasa, Hipon at Bagoong 27
   - Dininding 27
   - Ginisang Ampalaya 27
   - Ginisang Munggo 28
   - Ginisang Sitaw 28
   - Ginisang Sitsaro 28
   - Ginisang Toge 29
   - Gulay na Langka 29
   - Laksa 29

Relyenong Sili 29
Relyenong Talong 29

4. ANG PAGLULUTO NG ISDA 30
Adobong Isda 31
Pastel na Bangus 31
Sarsa ng Pastel na Bangus 31
Relyenong Bangus 32
Sarsa ng Relyenong Bangus 32
Biya sa Gata 32
Bola-bolang Isda at Petsay 32
Kroketas na Isda 33
Eskabetseng Apahap 33
Isda Imperyal 33
Hinurnong Laman ng Isda 33
Hito at Ampalaya 34
Isdang May Miswa 34
Menudong Isda 34
Mole 34
Pesang Dalag 35
Pescado Royale 35
Pinais 35
Piniritong Isda (1) 36
Piniritong Isda (2) 36
Putserong Dalag 36
Isda sa Sarsa 37
Ang Sarsa 37
Sardinas Pilipino 37
Sarsa Blanka 37
Sinigang na Bangus 37
Sinaing na Dilis 38
Sinigang na Dilis 38
Totsong Bangus (1) 38
Totsong Bangus (2) 38

5. ANG PAGLULUTO NG ITLOG 39
Itlog at Kamatis 40
Itlog at Mustasa 40
Itlog at Patatas 40
Piniritong Itlog 40
Relyenong Itlog 40

6. ANG PAGLULUTO NG LAMANG-DAGAT 42
Ginataang Bagoong at Alamang 42
Eskabetseng Alimango 42
Alimango sa Sarsa 42
Bola-bolang Halaan 42
Halaan Espesyal 42
Kroketas na Hipon 43
Hipon at Gulay 43
Ginisang Hipon sa Sibuyas 43
Piniritong Hipon 43
Hipon at Sarsa 43
Relyenong Pusit 44
Sugpo 44
Piniritong Talaba 44
Ginisang Tulya sa Dahong-sili 44
..... 45

Ginisang Tulya sa Mais 45
Tortilyang Tulya 46

7. ANG PAGLULUTO NG MANOK 46
Relyenong Manok 46
Sarsa ng Relyenong Manok 47
Pastel na Manok 47
Kalderetang Manok at Baboy 47
Manok na Barbekyu 48
Sarsa ng Manok na Barbekyu 48
Pitso ng Manok at Keso 48
Manok a la Binondeña 48
Manok na May Curry 48
Nilagang Manok 49
Pakam 49
Manok sa Pinya 49
Putserong Manok 49
Manok sa Supot 50
Tinutungan 50

8. ANG PAGLULUTO NG PANSIT AT LUMPIYA 52
Pansit Molo 52
Balutan ng Pansit Molo 52
Pansit Gisado 52
Miki at Atay ng Manok 53
Pansit-Manok 53
Pansit Lang-lang 53
Pansit na May Sabaw 54
Pansit Tagalog 54
Lumpiyang Bangus 54
Lumpiya Barangay 55
Lumpiyang Ubod 55
Apa ng Lumpiya 55
Bitso o Sarsa ng Lumpiyang Sariwa 55

IKALAWANG BAHAGI

1. ATSARA AT BURO 58
Atsarang Kangkong 58
Atsarang Labanos 58
Atsarang Mangga 58
Atsarang Balat ng Pakwan 58
Atsarang Papaya 59
Atsarang Santol 59
Atsarang Sayote 59
Burong Mustasa 60
Atsarang Sili 60
Bagoong na Itlog ng Isda 60
Bagoong na Talaba 60
Balaw-balaw 60
Binurong Baboy 61
Burong Isda 61
Burong Itlog 61

2. ENSALADA 63
Ensaladang Buko 63
Ensaladang Bungang-kahoy 63

Papaya Jumbo 63
Ensaladang Pinya 63
Ensaladang Kamatis at Letsugas 64
Ensaladang Kamyas 64
Ensaladang Katuray 64
Ensalada Guagueña 64
Ensaladang Letsugas 64
Ensaladang Bulaklak ng Malunggay 65
Ensaladang Hipon 65
Ensaladang Hipon at Gisantes 65
Ensaladang Isda 65
Ensaladang Makaroni 66
Ensaladang Patatas 66

3. KANIN 67
Arroz a la Valenciana 67
Arroz Molido 67
Bringhe 67
Arroz a la Cubana 68
Arroz Español 68
Arroz a la Luzeña 68
Kustilyas ng Baboy at Kanin 69
Sinaing sa Sabaw ng Manok 69
Sinangag 69

4. MATAMIS AT HIMAGAS 70
Flan Kalabasa 70
Leche Flan, Gata 70
Leche Flan, Gatas 70
Leche Flan, Puti ng Itlog 71
Leche Flan, Pula ng Itlog 71
Arnibal ng Leche Flan 71
Matamis na Kamatis 71
Matamis na Kamyas 71
Gulaman at Malagkit 71
Halo-halo 72
Matamis na Langka 72
Matamis na Mani 72
Matamis na Milon 72
Matamis na Niyog 72
Matamis na Pili 73
Haleyang Pinya 73
Haleyang Saging 73
Sampalok na Kendi 73

5. SARSA 73
Sarsang Kamatis 74
Sarsang Hamon 74
French Dressing 74
Sarsa sa Hipon 74
Sarsa sa Isda 75
Sarsang Matamis at Maasim 75
Sawsawang Wansoy 75

6. SOPAS 75
Sopas na Goto 75
Sopas na Gulay 76
..... 76

Sopas na Halaan 76
Sopas na Mais 77
Sopas na Manok (1) 77
Sopas na Manok (2) 77
Sopas na Patatas 77
Sopas na Sibuyas 78

7. TIRANG PAGKAIN 78
Bola-bolang Isda (Tirang Prito) 78
Kardilyo (Tirang Pritong Isda) 78
Kroketas na Hipon (Tirang Halabos na Hipon) 79
Pastel (Tirang Karne) 79
Paksiw na Litson 79
Budin (Tirang Tinapay) 80
Puting Cake (Tirang Puti ng Itlog) 80
Malambot na Leche Flan (Tirang Pula ng Itlog) 80

IKATLONG BAHAGI

1. INUMIN—MALAMIG AT MAINIT 82
Buko 82
Katas ng Guyabano 82
Katas ng Prutas sa Balat ng Pinya 83
Gata at Gulaman 83
Inuming Saging 83
Limonadang Pipino 83
Pontseng Pipino 83
Salabat 84
Tsa 84
Tsa na May Yelo 84

2. MINANDAL 86
Bibingka Pilipina 86
Bibingka Kawali na May Palaman 86
Bibingkang Kamoteng-kahoy 87
Bibingkang Pinipig 87
Bibingkang Tinapay 87
Bombones de Arroz 87
Ginataang Halo-halo 88
Maha Blanka 88
Masapodrida 88
Maruyang Mais 88
Nilupak 89
Paciencia 89
Puto-bumbong 89
Puto-Maya 89
Putong-Puti 89
Sinudsod 90
Sinukmani 90
Sumang Kamoteng-kahoy 90
Tamales 90

3. PULUTAN 91
Dilis 91
Kilawing Dilis 91
Sitsaron na Balat (1) 91
Sitsaron na Balat (2) 92
Sitsaron na Umpelya 92

TANGING BAHAGI 95
..... 95
1. PAGGAWA NG CAKE 95
Angel Food Cake 96
"2-Egg Cake" 96
Fiesta Banana Cake 96
Cake na Merengge 97
Piyonono .....
Wedding Cake .....

MGA DAHONG-DAGDAG 99
MGA URI NG PAGLULUTO 100
MGA SUKAT AT KATUMBAS 100
INIT NG HURNO AT KATUMBAS 101
MGA KATAWAGAN SA INGLES AT KATUMBAS .....

ENGLISH SECTION 105

FROM THE AUTHOR .....

SPECIAL DISHES

Lechon 108
Liver Sauce for Lechon 108
Chicken Relleno 108
Chicken Relleno Gravy 108
Embutido 108
Morcon (Beef Roll) 110
Pancit Molo 110
Arroz a la Filipina 111

SIMPLE DISHES

MEAT AND PORK

Kari-kari 113
Sauteed Bagoong 113
Kilawin 113
Adobo 114
Mechado 114
Beef Sinigang 114
Beef Tapa 114
Bachoy 115
Dinuguan (Pork Dish With Pig's Blood) 115
Longaniza 115

CHICKEN

Adobo With Coconut Milk .....
Chicken Nilaga 116
Chicken Pesa 116
Chicken Pochero 116
Chicken Tinola 117
..... 117

FISH

Broiled Bangus .....
Cardillo 117
Fish Escabeche 118
..... 118

Bia Paksiw
Apahap Sinigang 119
Bangus Relleno 119
Sauce for Bangus Relleno 119
Bangus en Tocho 119
..... 119

NOODLES AND LUMPIA

Pancit Palabok
Pancit Tagalog 121
Lumpia Labong 121
Lumpia Wrappers 122
Lumpia Sauce 122
Lumpia Fried 122
..... 122

VEGETABLES

Sauteed Amargozo
Bulanglang 123
Okoy 123
Pinacbet 123
Sauteed Togue 124
..... 124

REFRESHMENTS AND SNACKS

Young Coconut
Coconut Milk With Gulaman 125
Mango Ade 125
Papaya Ade 125
Arroz Caldo With Goto 125
Bibingka Cassava 126
Bibingka Pinipig 126
Corn Guinataan 127
Cuchinta 127
Ensaimada 128
Saba Fritters 128
Puto 129
Suman Sa Ligia 129
..... 129

DESSERTS

Bukayo
Coconut Jam 130
Leche Flan 130
Preserved Santol 130
Syrup for Preserved Santol 131
..... 131

PICKLED FOOD

Bagoong Alamang 131
Balaw-balaw 131
Dalag Buro 131
Papaya Pickle 132
..... 132

GLOSSARY 133

Mula sa May-akda

ANG MGA LÚTUING nasa aklát na itó ay hindî naminináangkíng aming sarili ni orihinál; manapá'y minana sa sariling kusinà ng aming iná ang ilán; samantalang ang ibá ay tinipon, sinubok at iniangkóp sa makabagong kapamuhayan ngayón at sinikap na maihandâ sa lalong madalíng paraán at sa pinakamababang halagá. Hindî lamang mga likás na lútuing Pilipino ang natítipon dito, kundî gayón din ang iláng putaheng buhat sa ibáng bansâ, na sa pagpapasalin-salin ng mga lahì ay ibinilang na rin nating bahagi ng ating sariling kúsinaán.

Hinati-hatì namin ang aklát ayon sa pángunahíng sangkáp ng lútuin upáng magíng madalî ang paghahanáp, at ang pamamaraán ng paghahandâ at paglulutò ay ang pinakamadalíng paraáng aming natutuhan upáng maunawaan at masunód, hindî lamang ng mga datihan nang naglúlutò, kundî lalò na ng mga nagsísimuláng mangusinà. Magíng ang mga bagong kasál, ang mga bagong nagsásarilí, ang mga tin-edyer at mga batà, magíng lalaki o babae, ay tinítiyák naming hindî mahíhirapan sa paglulutò sa gabáy ng maliít na aklát na itó.

Bukód sa mga pang-araw-araw na lútuin at mga putaheng ukol sa hindî karaniwang pagkakátaón, tagláy rin ng aklát na itó ang iláng kaalaman ukol sa pagkain, na magiging mahalagá upáng matamó ang pinakamabuti sa pinakamaliít na dami. At bilang karagdagang handóg, náritó rin ang mga katawagáng banyagang karaniwang násasabát natin sa mga aklát sa paglulutò na násusulat sa Inglés, at ang mga katumbás na tagurî sa ating sariling wikà.

Ang tinútukoy na *puswelo* sa mga lútuin ay hindî ang karaniwang ginágamit natin sa pag-inóm ng kapé, kundî ang karaniwang *measuring cup* na may katumbás na 8 onsa. Ang kutsara at kutsarita ay hindî ang karaniwang nasa ating hapág-kainán, kundî ang karaniwang *measuring spoons* na nabíbilíng huwego. Ang ibá pang katumbás na sukat ay makikita sa may dakong hulihán ng aklát.

Ang pagtitimplá ng asín, toyò, o patís, na ginamit namin sa mga lútuin ay batay sa aming sariling panlasa, kayâ ang mga iyón ay máaring baguhin upáng maayon sa inyóng panlasa at sa kagustuhan ng inyóng mag-anak. Gayón din ang maáaring gawín sa paglalahók ng

pamintá—maáaring isama o hindî, ayon sa inyóng pansariling kagustuhan.

Ang hulíng bahagi ng aklát na itó ay nasusulat sa Inglés, bilang handóg natin sa mga kaibigang banyagà.

Ináasahan naming makákamít ng mga magmámay-arì ng aklát na itó ang kasíyahang aming natamó sa pagsubok namin sa mga lútuing kabilang dito.

—LIWAYWÁY A. ARCEO
Patnugot, Pitak ng
Táhanan at Sining
Lingguhang Liwayway

28 Marso, 1969
Maynilà, R.P.

Ang Bawa't Bilang ng

LINGGUHANG

LIWAYWAY

Ang pinakamalaganap na babasahin sa buong

bansa

ay nagtataglay ng isang namumukod na pitak ukol sa tahanan at sining na kababasahan ng mga bagong pamamaraán ng pagluluto o **resipe** na inihahanda ni LIWAYWAY A. ARCEO, ang sumulat ng aklat na ito.

Bukod sa pitak na ito ay hitik na hitik pa sa iba't ibang uri ng mababasa na tulad ng komiks, artista at pelikula, mga seryeng nobela, mga lathalain at balita na lubos na kinagigilawan ng mga lalaki at babaing bumubuo ng angaw-angaw na pamilya.

Ang Lingguhang LIWAYWAY

ay inilalathala ng LIWAYWAY PUBLISHING, INC., Maynila, na naglalathala ng BISAYA, HILIGAYNON, BANNAWAG, ZOOM KOMIKS, TOP KOMIKS, BOLD KOMIKS, at SONG CAVALVADE & TOP MELODIES.

UNANG BAHAGI

"Lechon de Leche"



I. ANG PAGLULUTO NG BABOY

ISANG BAHAGI ng ating hapag ang malimit ay nauukol sa baboy. Hindi magiging ganap ang ano mang pistahan at tanging araw kung walang litson, at sa maraming tahanan, ang pang-araw-araw na pagkain ay hindi nagiging kalugud-lugod sa mga bata kung walang baboy.

Sa pagbili ng baboy, piliin ang hindi mapusyaw ang kulay ng laman at ang taba ay hindi tulog, at hindi gaanong makapal ang balat, maliban kung ang binabalak lutuin ay litsong kawali. Iwasan ding bumili sa mga hindi natitiyak na nagdaan sa pagsusuri ng matadero ng lungsod o ng sino mang may kapangyarihang gumawa niyon upang makatiyak sa uri ng bibilhin.

Hindi lamang ang laman ng baboy ang masustansiya, kundi maging ang mga lamang-loob, na mayaman sa protina at yero.

LITSON

Ang baboy na lilitsunin ay kailangang malinis na malinis at tuyo ang balat bago isalang. Punuin ng dahon ng sampalok ang tiyan at isara ang biyak sa sikmura sa pamamagitan ng leteng o malambot na yantok. Kung *lechon de leche* at sa hurno lulutuin, buhusan ng kumukulong tubig ang buong katawan at patuyuin bago haplusan ng toyo upang pumula. Kung sa baga, tuhugin ng kawayan ang baboy at habang pinipihit ay pahiran maminsan-minsan ng tinunaw na mantika ang buong katawan.

LITSON KAWALI

1 kilong liyempo ng baboy
4 na puswelong tubig
2 kutsarang asin
mantika

Pakuluang buo ang liyempo sa tubig na may timplang asin. Bayaan hanggang sa lumambot ang balat. hanguin at patigisin. Palamigin. Magpakulo ng mantika, sapat upang lumubog ang baboy. Dito iprito ang liyempo hanggang sa lumutong ang balat.

SARSA NG LITSON

1/3 puswelo ng giniling na atay ng baboy, inihaw
6 na sibuyas tagalog, tinadtad
8 butil na bawang, dinikdik
1/2 puswelong biskotso, dinikdik
3/4 na puswelong suka
1/2 puswelong asukal
1 1/2 puswelong tubig
3/4 na puswelong paminta, dinikdik
1 kutsaritang asin
2 kutsarang langis-pamprito

Kung gusto ay ang naka-latang *liver spread* ang gamitin. Pagsamasamahin ang atay, tubig, suka, biskotso, asukal, asin at paminta. Haluing mabuti at itabi.

Igisa ang bawang sa mainit na langis. Kapag mapula na ay hanguin ang kalahati sa ipiniritong bawang. Itabi. Isunod dito ang sibuyas. Lantahing mabuti. Idagdag ang inihandang atay. Bayaang kumulo nang hindi hinahalo. Bago ihain ay ibudbod sa ibabaw ang piniritong bawang.

EMBUTIDO

1/2 kilong laman ng baboy, giniling
4 na vienna sausage, biniyak
4 na vienna sausage, tinadtad
1 pirasong sinsal
1 itlog, nilaga
1/4 na puswelong atsarang matamis, tinadtad

1 kutsaritang asin
1/8 kutsaritang paminta
1 kutsaritang vet-sin
1/2 puswelong arina
1 itlog, hilaw
1/4 na puswelong pasas

Pagsama-samahin ang giniling na baboy, *vienna sausage*, asin, paminta, *vet-sin*, atsara, arina at itlog na hilaw. Haluing mabuti.

Sa sinsal ay iayos ang mga sangkap na ito. Ilatag hanggang sa maging 1/4 na pulgada ang kapal. Sa ibabaw nito ay iayos naman ang mga hiwa ng itlog na nilaga, hiniwang *vienna sausage*, atsara at pasas. Ilulon. Balutin sa katsa at pakuluan sa sabaw ng buto. Pagkaluto ay hanguin at palamigin sa repriheradora. Hiwaing pabilog na manipis bago ihain.

HAMON (1)

1. Ihanda ang isang kilong baboy. Piliin ang malaman, hugasang mabuti, gilitan ang makakapal na bahagi at isabit upang tumulo.

2. Ihanda ang gagamitin: 1 puswelong asin, 1/3 puswelong asukal na pula at 1/2 kutsaritang salitre. Paghalu-haluin ang mga sangkap na ito at hatiin sa tatlong bahagi.

3. Ibudbod ang isang bahagi ng panimpla sa baboy at ilagay ito sa isang sadyang sisidlan. Bayaang dalawang araw. Sa ikalawang araw, baguhin ang ayos ng baboy. Budburan uli ng nalalabing panimpla.

4. Sa ika-4 na araw, alisin sa sisidlan ang baboy. Hugasan. Ibabad nang 20 minuto sa tubig upang mabawasan ang alat. Isabit pagkatapos at patuluin. Maaari na itong pausukan.

5. Upang maragdagan ang lasa ng hamon, singitan sa mga gilit ng paminta, dinikdik na klabo de komer at dahon ng laurel.

6. Ganito ang pagpapausok: Isabit ang hamon sa tapat ng isang karaniwang kalang may gatong. Ang usok ay magagawang maukol lamang sa hamon kung magbubutas ng dalawang lata ng gas at pagpapatungin ito sa ibabaw ng kalan. Bayaang mausukan nang mula sa 6 hanggang 8 oras upang magkaroon ng ginintuang kulay ang hamon.

Narito naman ang paraan ng pagluluto: Maaaring hiwaing maninipis at iprito sa mantika, kung kailan kailangan. O gawin ang paraang ito:

Hugasan ang hamon, ilagay sa kaserola, at ilubog sa dalawang puswelong tubig na may halong 1/3 puswelong asukal, ilang dahon ng laurel, ilang butil ng paminta at 1 puswelong katas ng pinya. Isalang at bayaang kuluan hanggang sa maluto. Hiwain sa karaniwang paraan.

Kung makapal ang taba, budburan iyon ng asukal at plantsahin ng pinagbagang siyanse.

HAMON (2)

1 kilong baboy, na may bahaging tadyang o kustilyas, nguni't inalisan ng buto
2 kutsarang asukal
3 kutsarang asin
1 kutsaritang salitre
1/4 na puswelong corn syrup

Paghalu-haluin ang asin, asukal, salitre at arnibal hanggang sa maging pasta. Timplahan ang baboy sa pamamagitan ng 1/2 sa sangkap na ito. Itabi. Pagkaraan ng 24 na oras ay itimpla uli ang nalalabing kalahati.

Tipisin ang baboy at talian ng leteng.

Balutin sa karaniwang *wax paper* o palara at itago sa repriheradora.

Ang paraan ng pagluluto:

Pakuluan sa pinaghalong 1/2 puswelong katas ng pinya sa lata at 3/4 na puswelong *corn syrup* sa loob ng 1 oras. Tiyaking atay-atay o mahina ang gatong.

Pagkaluto ay alisin ang taling leteng at hiwain sa karaniwang paraan.

ASADONG BABOY

1/2 kilong liyempo
1/4 na puswelong kabute
8 malalaking apulid Intsik
1/4 na puswelong hibe
1 ulong bawang
1/2 puswelong toyo
1 kutsaritang asukal

Alisan ng balat ang baboy. Ibabad sa tubig sa loob ng 15 minuto ang kabute, apulid, hibe at bawang, na pinaghiwa-hiwalay ang butil. Pagkatapos ay banlawan. Isama sa toyo at asukal. Dito ilagay ang baboy. Dagdagan ng 1/2 puswelong tubig at pakuluan sa atay-atay na gatong hanggang sa lumambot.

Kung maaaring pasingawan ay ibabad sandali ang baboy sa pinaghaluhalong mga sangkap bago pasingawan nang dalawang oras. Lagyan ng palamuting binanliang kangkong upang mabawasan ang pagiging mamantika.

BINAGIS

2 puswelong baboy
3/4 na puswelong atay ng baboy
1 1/2 puswelong puso ng baboy
3/4 na puswelong bato ng baboy
suka
2 kutsaritang bawang, dinikdik
1/4 na puswelong sibuyas, ginayat
1 siling pula, hiniwang pahilis at manipis
asin

Pakuluan ang baboy hanggang sa lumambot. Hiwaing maliliit na pahilis. Ganito rin ang gawin sa atay, puso at bato. Timplahan ng suka at asin. Kapag malapit nang maluto ay isama ang atay at sili at lutuin nang husto.

BOLA-BOLANG BABOY

2 puswelong giniling na baboy
2 kutsarang toyo
1 kutsaritang asukal
1/2 kutsaritang asin
1/2 kutsaritang paminta
1 kutsaritang gawgaw
2 sibuyas na mura, tinadtad
2 kutsaritang dinikdik na luya
langis o mantikang pamprito

Initin muna ang paminta sa kawali bago dikdikin at salain. Isama sa iba pang sangkap, pati ang gawgaw, at haluing mabuti. Ilagay sa kawali ang mantika o langis at bayaang kumulo. Saka lamang simulang ihulog ang bola-bolang baboy. Bayaan sa mahinang apoy hanggang sa maluto.

BABOY AT KABUTE

1/2 kilong baboy
1 kutsarang tinto
1 1/2 puswelong kabute sa lata, hiniwa at pinatulo
1 kutsarang toyo
3/4 na kutsaritang asin
1 1/2 kutsaritang vet-sin
1 1/2 kutsaritang asukal
2 1/4 na puswelong tubig
paminta
1 1/2 kutsaritang gawgaw, tinunaw sa 1/2 puswelong malamig na tubig

Bahagyang palamigin ang baboy sa repriheradora at hiwaing manipis, na tulad sa makapal na papel. Painitin ang isang kawali. Dito ilagay ang baboy at nang kumatas ang mantika. Samantalang niluluto, wiligan ng tinto. Pagsama-samahin ang toyo, *vet-sin*, asin, tubig, asukal, paminta

at kabute. Pakuluan. Ibuhos dito at haluin ang tinunaw na gawgaw at tubig. Bayaan sa apoy ng 1 minuto.

KALDERETA

1/2 kilong baboy, hiniwa sa pirasong ang laki ay ayon sa gusto
1/2 kilong karne, hiniwang tulad ng baboy
4 na guhit ng ginadgad na kesong pula
2 sibuyas bumbay, tinadtad
4 na butil na bawang, dinikdik
1 tsorisong Bilbao
1 latang maliit ng sarsitsas
1/2 puswelong brandy
1 puswelong aseytunas
1/2 librang mantekilya
1 latang tomato sauce
1 latang siling pula, hiniwang maliliit na pahaba
asin

Tunawin sa kaserola ang mantekilya at igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang karne at baboy. Papulahin at bayaang kumuan sa mantekilya bago idagdag ang *tomato sauce* at *brandy*. Takpan at pakuluan. Kapag malambot na ang baboy at karne, isama ang iba pang sangkap.

LONGGANISA

1/2 kilong laman ng baboy, may taba
1/2 kutsarang asin
1 kutsaritang paminta
1/2 puswelong suka
1 ulong bawang, tinadtad
1/8 kutsaritang salitre
asukal na pula

Gilingin o tadtarin ang baboy. Timplahan ng asin at haluing mabuti. Isunod ang paminta, suka, bawang, salitre at asukal. Haluin uli. Bayaang mga 2 oras upang tumalab ang timpla.

Ilagay ang mga sangkap na ito sa pinatuyong bituka ng baboy. Talian sa habang nais ang bawa't longganisa. Patuyuin sa araw.

MENUDO

1 puswelong garbansos
1/2 kilong baboy
1/4 na kilong atay, hiniwang maliliit na pukawadrado
4 na kamatis, tinadtad
1/2 latang tomato sauce
1 na patatas, hiniwang maliliit na pakuwadrado
1 butil na bawang, pinitpit
2 sibuyas, ginayat
1 kutsarang toyo
asin

Ilagang malasado ang baboy sa 1 puswelong tubig. Hiwaing maliliit na pakuwadrado. Itabi.

Igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang kamatis. Idagdag ang baboy at atay. Timplahan ng asin. Bayaang kumulo nang ilang saglit. Lagyan ng kaunting tubig at *tomato sauce*. Kapag kumukulo na ay isunod ang patatas. Huling ilagay ang garbansos. Itimpla ang toyo. Lagyan ng *vet-sin* kung gusto.

RELYENONG PATA

1 pata ng baboy, inalisan ng buto
1/3 kilong baboy
1 kutsarang salitre
2 kutsarang tubig
1 kutsaritang asin
1/2 puswelong toyo
2 puswelong tubig
2 kutsarang asukal
2 kutsarang hinebra laurel
2 kutsaritang asin
2 kutsarang gawgaw, tinunaw sa 1/4 na puswelong tubig

Itabi ang pata ng baboy matapos alisan ng buto. Hiwaing malalaki ang laman ng baboy. Itabi rin. Tunawin ang salitre. Idagdag ang asin.

Pagsama-samahin ang laman ng baboy at ang nakuha sa pata, gayon din ang tinunaw na salitre. Itago sa repriheradora nang mula sa 24 hanggang 48 oras.

Ilagay sa loob ng pata ang laman ng baboy. Tahiin ang bukasan. Ilagay ang pata at ang iba pang mga sangkap, maliban sa gawgaw, sa isang kaserola. Pakuluin hanggang sa lumambot.

Palamigin at hiwaing maninipis bago ihain. Ibuhos dito ang katas ng pinaglutuan, na sinamahan ng tinunaw na gawgaw.

SINIGANG NA BABOY SA BAYABAS

2/3 kilong laman ng baboy
1/3 kilong tadyang ng baka
8 bayabas na hinog
2 kutsarang asukal
asin
3 butil na bawang
4-5 puswelong tubig

Palambutin ang baboy at karne sa kailangang tubig. Talupan ang bayabas at alisin ang buto. Hiwaing maliliit o dikdikin ang laman ng bayabas at isama sa pinalambot na karne at baboy. Timplahan ng asin at asukal.

Masarap na isawsaw ang sinigang na ito sa ginisang bagoong na alamang.

UMBA

1 kilong baboy, hiniwa ayon sa gustong laki
2 butil na bawang, pinitpit
1 puswelong tubig
2 kutsarang toyo
2 kutsarang asukal na pula
2 kutsarang mantika
1 kutsaritang asin
1/2 puswelong suka
ilang tangkay na oregano
1 dahon ng laurel
bulaklak ng saging

Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap maliban sa bulaklak ng saging at isalang. Pakuluan hanggang sa lumambot ang baboy at lumapot ang sabaw. Bago hanguin ay isama ang bulaklak ng saging na hinugasan at pinalambot sa tubig.

UTAK NG BABOY

Linisin ang apat na utak ng baboy at pakuluan sa 1 puswelong tubig. Ligisin sa pinaglagaan pagkatapos. Ihalo rito ang 4 na pula ng itlog, 2 puti ng itlog, 2 kutsarang gawgaw, 1 puswelong gatas ebaporada, kaunting asin at *vet-sin*.

Isalin ang pinaghalu-halong sangkap na ito sa dalawang hulmahan o liyanera na may sukat na 8 pulgada, bilog o kuwadrado. Pasingawan nang 30 minuto.

Palamigin at hiwain sa maliliit na kuwadradong piraso o hugis-kalamay. Ilubog ang bawa't piraso sa pinaghalong binating 2 puti ng itlog at 2 kutsarang gawgaw. Iprito.

Ang kaserolang nasunog ang ilalim dahil sa nanikit na pagkain ay madaling malilinis kung huhugasan habang mainit pa. Maililigtas din ang mga daliri kung magsusuot ng guwantes na goma at pangkayod na plastik ang gagamitin.


Mitsado

2. ANG PAGLULUTO NG KARNE

ANG PANIWALA ng marami na ang mamahaling bahagi lamang ng karne ang masustansiya ay salat sa katotohanan. Ang pinakamahal na bahagi ng karne ay mawawalan ng sustansiya kung hindi wasto ang pagluluto, at ang lalong mumurahin ay lalabas na kasing-sustansiya at sinsarap ng mamahaling bahagi, kung wasto ang paghahanda at pagluluto

Ang sariwang karne ay mapula at buhay ang hilatsa ng laman at ang taba ay manilaw-nilaw na malinaw Hindi malata sa salat at walang maanggong amoy. Ang lamang mangitim-ngitim at tabang tulog ay nagpapahiwatig na natinggal na ang karne.

Kung ang lulutuing karne ay elado o inimbak sa *freezer*, huwag bayaang ganap na lumambot uli iyon bago lutuin. Higit na mabuting habang niluluto ang karne ay saka napapawi ang pagkaelado kaysa bayaang lumambot muna, upang maiwasan ang pagsingaw ng taglay na sustansiya.

Sa paglalaga, pakuluin muna ang tubig bago ihulog ang karne upang magsara ang kutis ng laman at nang matipon sa hilatsa ang sustansiya at lasa. Kung nagpapalambot ng karne at kakailanganing magdagdag ng tubig sa sabaw, huwag babantawan ng malamig na tubig: tiyaking ang idaragdag ay kumukulo rin. Kung hindi ay magbabantilawan ang karne at lalong tatagal sa paglambot.

MITSADO (1)

1 kilong karne, baka
4 na sibuyas bumbay
1/2 puswelong suka
taba ng baboy
1 lata ng sarsa ng kamatis, maliit
6 na patatas, biniyak
1 dahon ng laurel
1/2 puswelong mantika
1 kutsaritang paminton
asin

Gilitan ang karne at isingit ang mahahabang piraso ng taba. Ilagay sa kawali ang karne, sibuyas na tinalupan nguni't hindi hiniwa, patatas, laurel, suka, sarsa ng kamatis at asin. Pantayan ng tubig. Takpan at pakuluan sa atay-atay na apoy hanggang sa lumambot. Isunod ang paminton. Kung malambot na at halos natutuyuan, ilagay ang mantika Haluin. Hiwain bago ihain.

MITSADO (2)

1 kilong karne, hiniwa sa pirasong ang laki ay tig 1/4 na pulgada ang kapal
3 malalaking sibuyas bumbay
1 puswelong kamatis na hinog ilang hiwa ng taba
1 dahon ng laurel
1 kutsarang paminton
asin
paminta, dinikdik
1 puswelong suka
2 puswelong tubig
1 kutsaritang vet-sin

Isingit sa mga hiwa ng karne ang mga hiwa ng taba. Timplahan ng asin at paminta. Bayaang 1 oras. Iprito sa mantika pagkatapos. Lagyan ng tubig, suka, laurel, kamatis, sibuyas at *vet-sin*. Takpan at isalang sa gatong na mahina. Bayaan hanggang sa halos ay matuyuan. Isama sa dakong huli ang paminton. Pakuluan pa hanggang sa lumapot ang sabaw.

Maaaring samahan ng piniritong patatas kung gusto.

MORKON

1 kilong karne, tinapang buo, 1/4 na pulgada ang kapal
3 hiwang bacon
4 na vienna sausage, hiniwang mahahabang manipis
2 itlog, nilaga, hiniwang tig-4 na piraso
1/4 na puswelong toyo
2 kutsarang katas ng kalamansi
1/4 na puswelong kesong pula, hiniwang mahahabang manipis
2 itlog, nilaga, hiniwang tig-4 na piraso
1/4 na puswelong toyo
2 kutsarang katas ng kalamansi
1/4 na puswelong kesong pula, hiniwang mahahabang manipis
4 na pirasong atsarang pipino, hiniwang mahahabang maninipis
1/2 puswelong carrot, hiniwang mahahabang maninipis
3 puswelong sabaw ng buto
2 kutsarang arina
1/4 na kutsaritang asin
1/2 kutsaritang vet-sin
1/4 na puswelong langis-pamprito

Ibabad ang karne sa toyo at katas ng kalamansi. Iayos ang mga hiwa ng *vienna sausage, bacon,* itlog, keso, *carrot* at atsara sa ibinabad na karne. Ilulon ang karne at talian. Igumon sa arina at iprito sa langis hanggang sa pumula.

Ilagay sa isang kaserola ang karne. Lagyan ng 5 puswelong sabaw ng buto. Timplahan ng asin at *vet-sin*. Takpan at pakuluan hanggang sa maluto. Samahan ng arina ang sabaw upang lumapot.

Hanguin sa sarsa at hiwaing pabilog na manipis bago ihain. Ibuhos sa ibabaw ang sarsa.

DILA NG BAKA

2 kilong dila ng baka
6 na patatas, hiniwa
1 malaking siling pula, ginayat
1 malaking siling berde, ginayat
2 kutsaritang asukal
1 puswelong tomato sauce
2 kutsaritang Perrins Sauce
2 kutsaritang hinebra
1/4 na librang mantekilya
3/4 na puswelong tinadtad na sibuyas
1/2 puswelong tubig
asin

Linising mabuti ang dila at pakuluan sa tubig na may asin at kayurin ang balat. Pagkatapos ay pakuluan nang tuluyan sa tubig hanggang maluto. Hiwain. Itabi.

Tunawin ang mantekilya sa kawali at igisa ang sibuyas. Isunod ang *tomato sauce,* tubig, hinebra at patatas. Lutuing mabuti. Isama ang dila, *Perrins sauce,* asukal at sili. Timplahan.

BOLA-BOLANG KARNE (1)

1/2 kilong giniling na karne
1 itlog
1 1/2 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang paminta
1/2 puswelong giniling na mais, hilaw
4 na puswelong kumukulong tubig
1 lata ng kamatis
1 siling berde, hiniwang maliliit
1 malaking sibuyas bumbay, hiniwang maliliit
2 kutsarang katas ng karne
1 kutsarang arina

Paghalu-haluin ang karne, binating itlog, asin, paminta at 1/2 puswelo ng giniling na mais. Gumawa ng maliliit na bola-bola. Igulong sa kaunti pang giniling na mais. Itabi.

Ihanda ang sarsa. Isama ang tubig sa kamatis. Isunod ang siling berde at sibuyas. Isalang at bayaang kumulo. Isama ang katas ng karneng maiiwan sa sisidlan, gayon din ang arina. Haluin habang hinihintay na kumulo. Timplahan. Dito ihulog ang mga bola-bola at bayaang kumulo sa loob ng 45 minuto.

BOLA-BOLANG KARNE (2)

1/2 kilong karne, giniling
3 pirasong pan amerikano
1/4 na puswelong gatas ebaporada
5 tangkay ng sibuyas na mura, hiniwang maliliit

Pagsamahin ang tinapay at gatas. Bayaang 10 minuto. Isunod ang karne, sibuyas na mura, kaunting asin at kaunting paminta. Haluing mabuti. Ibola-bolang maliliit at iprito. Ilagay sa isang kaserola.

Ibuhos dito ang 1 puswelong gatas ebaporada at 1 kutsaritang katas ng kalamansi. Takpan at pakuluang 5 minuto.

KALDERETA

1/2 kilong karneng baka, hiniwa sa laking gusto ang mga piraso
1/4 na puswelong suka
1 sibuyas, hiniwang maliliit
1/2 puswelong giniling na atay o liver spread
10 pamintang buo
1 kutsaritang dinikdik na bawang
1 kutsaritang asin
1/2 puswelong tomato sauce
2 puswelong kumukulong tubig
1 dahon ng laurel
1 siling pula, hindi maanghang, hiniwang mahahabang maninipis
1/4 na puswelong langis-pamprito

Ibabad ang karne sa pinaghalu-halong suka, paminta, asin at bawang sa loob ng 2 oras. Iprito ang karne sa langis. Idagdag ang sibuyas at bayaan sa apoy hanggang sa maluto. Isunod ang *tomato sauce* at tubig. Isama ang dahon ng laurel at sili, at kung gusto ay 10 aseytunas na buo. Bago hanguin ay isama ang atay upang lumapot ang sarsa.

KARI-KARI, MAY GATA

1 buntot ng baka
4 na talong, karaniwang laki
1 niyog, kinudkod
1 taling sitaw
1 puso ng saging, saba
asin
6 na labanos, karaniwang laki
1/4 na litrong mani
1/4 na puswelong atsuwete
2 kutsarang bagoong bataw
usbong ng kalabasa

Hiwain sa gustong laki ang buntot ng baka at ilaga hanggang sa lumambot. Hiwain at alisan ng gilid ang sitaw. Hiwain din ang puso ng saging at talong. Talupan at hiwain ang labanos. Putulin ang mga usbong ng kalabasa at alisin ang magaspang na balat. Ibusa ang mani at dikdikin. Kunin ang kulay ng atsuwete. Gatain ang kinudkod na niyog. Isama ang lahat ng sangkap, maliban sa mani at bagoong, sa nilagang buntot ng baka. Ilagay ang mani upang lumapot ang sabaw.

Ang bagoong ay igisa sa bawang at mantika, at gawing sawsawan ng kari-kari.

GOTO ESPESYAL

1 kilong goto, nilaga at pinalambot at hiniwa sa maliliit na piraso
1 tsorisong Bilbao, hiniwang maliliit

1 latang karaniwang sarsitsas, hiniwang maliliit
1 latang tomato sauce
1 puswelong tubig
1 latang siling pula, hiniwang maliliit
1 puswelong aseytunas
1 maliit na bote ng langis ng oliba
1 puswelong nilagang garbansos
1 kutsaritang Worcestershire sauce
3 kutsaritang brandy
1 kutsaritang asukal repinado
1 sibuyas na karaniwan ang laki, ginayat
asing panimpla

Igisa ang bawang at sibuyas sa langis ng oliba, at kapag lanta na ay isunod ang goto, *tomato sauce* at tubig. Bayaang kumulong mabuti hanggang sa halos ay matuyuan. Idagdag ang *brandy*, asukal at ang iba pang mga sangkap. Haluing mabuti at timplahan ng asin.

KARNE MANILENYA

1/2 kilong karneng baka
1/2 kilong baboy
2 carrot, katamtaman ang laki
2 patatas, katamtaman ang laki
1 sibuyas, ginayat
1 latang tomato sauce
1 puswelong tubig
1 kutsaritang asukal repinado
1 kutsaritang hinebra
1 dahon ng laurel
asing panimpla

Hiwain ang karne, baboy at mga gulay sa maliliit at mahabang piraso. Igisa ang sibuyas sa mantika at bayaan hanggang sa pumula. Idagdag ang *tomato sauce* at tubig. Pagkulo ay isama ang karne, baboy, laurel at hinebra. Takpan at bayaang kumulo hanggang sa lumambot ang karne. Idagdag ang patatas, *carrot*, at asukal. Bayaang kumulo hanggang sa maluto ang gulay. Timplahan ayon sa panlasa.

NILAGANG KARNE

Maghanda ng lomo ng baka na may isang kilong timbang. Magpakulo ng tubig na may asin o patis. Pag kumukulo na, ihulog ang karne at takpan. Pagkaraan ng 10 minuto ay hinaan ang gatong at bayaan nang lumambot ang karne. Kapag luto na ang karne ay hulugan ang sabaw ng tinalupang patatas, *carrot* at sibuyas na buo. Hintaying maluto ang mga gulay.

Kung ihahain ay alisin sa sabaw ang karne at ilagay sa isang bandehado. Ipaligid ang mga gulay. Itabi ang sabaw sa pagluluto ng sopas.

KARNE NORTE AT REPOLYO

4 na puswelong ginayat na repolyo
1/4 na kutsaritang asin
1/3 puswelong tubig
2 kutsarang mantekilya o margarina
1 latang karne norte, pinalamig muna sa repriheradora bago pinag-apat
1 1/2 kutsaritang arina
1 kutsarang mustasa sa bote
2 kutsaritang asukal
2 kutsarang suka
1 kutsarang mayonesa
2 kutsarang atsara, tinadtad
1/8 kutsaritang chili

Sa isang malaking kawali ay ilagay ang repolyo; budburan ng 1/4 na kutsaritang asin, lagyan ng 1/3 puswelong tubig at 1 kutsarang mantekilya. Takpan at lutuin ng 10 minuto. Pagkatapos ay ipatong sa repolyo ang karne norte, takpan uli at pakuluan ng 5 minuto pa.

Gawin ang sarsa. Sa isang maliit na kaserola ay tunawin ang 1 kutsarang mantekilya. Alisin sa apoy. Ihalo sa mantekilya ang arina, mustasa,

asukal, 1/4 na kutsaritang asin, 1/4 na puswelong tubig at suka.

Isalang sa atay-atay na gatong at haluing lagi hanggang sa kumulo. Hanguin at ihalo ang mayonesa, atsara at *chili*.

Kung ihahain ay ilagay sa bukod na sisidlan ang karne norte, at sa iba rin ang sarsa.

Maaaring ihaing kasama ang kanin o tinapay.

KARNENG NILITSON

5 librang karneng baka, buo
3 sibuyas bumbay, ginayat
1/2 limon, hiniwa
12 buong paminta
6 na klabo de komer
1 dahon ng laurel
2 puswelong suka
1 puswelong tinto
1 kutsarang asin
1 kutsaritang dinikdik na paminta
1 sibuyas, hiniwang maliliit

Pagsama-samahin sa isang kaserola at pakuluin ang sibuyas, limon, paminta, klabo, laurel, suka at tinto.

Asnan ang karne at budburan ng paminta. Ilagay ang hiniwang sibuyas sa ibabaw ng karne, pagdaupin at taliang mabuti. Ibabad sa inilutong suka at tinto ang karne at bayaang 3 araw. Manaka-nakang babaligtarin ang karne. Makalipas ang 5 araw ay saka pa lamang ilagay sa lutuan at ibuhos dito ang pinagbabaran. Ipasok sa pugon na may init na 350° F. Bayaang 2 oras o hanggang sa maluto at lumambot.

Hiwaing maninipis bago ihain.

KARNE AT MANOK

1/2 kilong karne, hiniwang pakuwadradong maliliit
3 kutsarang arina
2 kutsarang langis-pamprito
2 maliit na sibuyas bumbay, tinadtad
1 latang sopas na kabute
1 puswelong tubig
1 kutsaritang asukal
3 kutsarang toyo
1 puswelong sopas na katas ng manok
1 1/2 puswelong tinadtad na celery

Initin ang hurno sa 325°F. Igumon sa arina ang karne at iprito nang bahagya. Mahina lamang ang apoy. Isunod ang iba pang sangkap at isalin sa isang liyanera. Takpan at ipasok sa hurno at bayaang 1 1/2 oras o hanggang sa maluto.

SINIGANG NA KARNE SA SAMPALOK

1/2 kilong tadyang ng baka
1/2 kilong hiniwang baboy
1/2 sibuyas bumbay, ginayat
sampalok na hilaw
2 maliliit na gabe, pinag-apat
asin
kangkong
patis
3 kamatis, hiniwang maliliit
1 maliit na tali ng sitaw
bataw, ang daming gusto

Pakuluan sa sabaw-sinaing ang karne at baboy. Idagdag ang kamatis, sibuyas at asin. Lutuin sa ibang kaserola ang sampalok. Ligisin. Kunin ang katas na sinala. Isama sa baboy at karne. Pakuluan uli. Dagdagan ng sabaw kung kailangan. Isunod ang gabe. Kung luto na ito, isama ang kangkong, sitaw at bataw. Timplahan ng patis.

STEAK A LA TAGALOG

6 na pirasong malambot na steak
1 kutsarang katas ng kalamansi
1 kutsarang toyo
1 kutsaritang asin
1 kutsaritang paminta
1/2 puswelong hiniwang sibuyas langis-pamprito

Ibabad ang karne sa toyo, katas ng kalamansi, asin at paminta. Ipriito sa langis. Isalin pagkatapos sa bandehado. Dagdagan ng 2 kutsarang langis ang maiiwan sa kawali. Dito iluto ang sibuyas. Iayos sa ibabaw ng *steak*.

Laging itatabi ang pinaghugasan ng bigas na isasaing kung may ulam na sasabawan, tulad ng sinigang na karne o isda, nilagang karne o manok, o suwam na halaan. Masustansiya ang hugas-bigas at nakapanghihinayang na natatapon lamang.

3. ANG PAGLULUTO NG GULAY

ANG GULAY na bagong pitas ang pinakamayaman sa bitamina at mineral. Gayon man, makabibili rin tayo ng mga gulay na maaaring magbigay ng kailangang sustansiya at sarap. Sa pagbili ng mga madahong gulay, piliin ang mga dahong sariwa, lunti at matigas ang tangkay. Huwag kukuha ng mga gulay na may manilaw-nilaw nang talbos o dahon. Ang mga lamang-ugat ay tiyaking hindi pa gaanong nalalantad sa araw at hangin, at ang gayon ay makikita sa patatas at kamoteng may lupa pa at hindi pa namemerde ang balat.

Ang mga gulay na kailangang hiwain sa pagluluto, tulad ng abitsuwelas, kangkong, kintsay o sayote, ay kailangang hiwain kung lulutuin na lamang. Tumatapon ang taglay na yaman niyon kung matagal nang nahiwa. Gayon din ang nangyayari kung matagal nang luto ang anomang gulay bago ihain. Ang mga berdeng gulay ay hindi mamumutla kahit hindi samahan ng soda ang paglulutuan. kung titiyaking kumukulo ang sabaw na paghuhulugan bago isahog. Isa pang paraan ay ang pagsasangag sa kaunting mantika bago ihalo ang ginisang sabaw. Ang gulay ay mananatiling berde at hindi lumalata sa gatong.

Gayon man, hanggang magagawa na ihaing hilaw ang gulay, ay lalong mabuti upang hindi masalanta ang taglay na mineral at bitamina.

BULANGLANG (1)

1 puswelong dahon ng malunggay
1 puswelong kalabasa, hiniwang pakuwadrado
1 maliit na upo, hiniwang maliliit
1 1/2 kutsarang bagoong
1 puswelong tokwa, pinirito at hiniwang maliliit
1/2 sibuyas bumbay
kamatis
1 puswelong hugas-bigas

Pagsama-samahin sa isang palayok o kaserola ang kamatis, sibuyas, bagoong at kalabasa. Idagdag ang hu-

gas-bigas at pakuluan. Pagkaraan ng 5 minuto ay isunod ang tokwa at upo. Kapag luto na ang upo, idagdag ang malunggay. Pakuluang 2 minuto.

BULANGLANG (2)

1 kilong karneng may buto, hiniwang maliliit
10 bayabas na hinog, tinalupan at pinag-apat
2 taling dahong-sili
hugas-bigas
patis

Pakuluan ang bayabas sa hugas-bigas hanggang sa maluto. Durugin at ibalik sa sabaw. Salain upang maalis ang buto, o lalong mabuti ay alisin na ang buto bago pakuluan, at nang hindi na salain. Isama ang karne. Takpan at pakuluan hanggang sa lumambot ang karne. Isunod ang dahong-sili bago hanguin. Timplahan ng patis.

KALABASA, HIPON AT BAGOONG

1/4 ng malaking kalabasa
15 hipon
1 sibuyas bumbay
1 butil na bawang
2 kutsarang mantika
bagoong

Talupan at hiwaing maliliit ang kalabasa. Talupan ang hipon. Hiwaing pagayat ang sibuyas. Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at ang hipon. Bayaang kuluan nang ilang minuto. Isunod ang kalabasa at bagoong. Haluin. Lagyan ng 2 puswelong katas ng hipon. Haluin at muling pakuluan.

DININDING

1 papayang hilaw, hiniwang maninipis
1 isdang pinirito, karaniwang laki
1 kutsarang bagoong
1 puswelong hugas-bigas
dahon ng malunggay

Pakuluin ang hugas-bigas. Kapag namamaibabaw na ang puti ay ihulog ang prito. Pakuluan. Makaraan ang 5 minuto ay isama ang papaya at timplahan ng bagoong. Takpan. Pagkulo ay isama ang malunggay at hanguin upang hindi malabog ang mga gulay.

GINISANG AMPALAYA

1/2 kilong ampalaya
1/4 na kilong hipon, tinalupan
1/4 na kilong baboy
1 sibuyas
2 butil na bawang
8 kamatis na hinog
2 itlog
3 kutsarang mantika
1 puswelong katas ng hipon (ulong dinikdik)

Hiwain ang ampalaya sa karaniwang maninipis na pahilis matapos biyaking paayon at alisan ng buto. Talupan ang hipon. Hiwaing maliliit ang baboy. Tadtarin ang kamatis. Batihin ang itlog. Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis sa isang kawali o kaserola. Isunod ang baboy at hipon, at ang katas ng hipon. Pakuluan hanggang sa lumambot ang baboy. Isunod ang ampalaya at bayaang kumulo. Timplahan ng patis. Kapag luto na ang ampalaya ay ilagay ang itlog na binati. Saka lamang haluin at ihaing mainit.

GINISANG MUNGGO

1 puswelong munggo
2 tinapang luma, hinimay
2 butil ng bawang, pinitpit
1 sibuyas, ginayat
2 kamatis na hinog, ginayat
dahon ng ampalaya o kulatding
mantika
patis

Ibabad sa tubig ang munggo sa loob ng magdamag. Kinabukasan ay hugasan bago isalang. Bayaan sa apoy hanggang sa maluto.

Initin ang mantika. Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis. Bayaang maluto. Isunod ang tinapa. Ihalo ang munggo. Timplahan ng patis. Ligis-ligisin ang munggo habang hinahalo upang maging malapot. Kapag luto na ay isama ang dahon ng ampalaya at takpan. Hanguin.

GINISANG SITAW

1/2 kilong sitaw
1 butil na bawang, dinikdik
2 kutsarang margarina
1/8 kutsarang katas ng luya
3/4 na kilong karne, hiniwang pakuwadradong maliliit
2 kutsarang toyo
2 sibuyas, hiniwang pabilog
1 kutsaritang langis ng ensalada
1 bouillon cube na tinunaw sa 1 1/2 puswelong kumukulong tubig
1 dahon ng laurel
1 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang paminta

Tunawin ang margarina sa kawali. Igisa ang bawang at isunod ang luya. Idagdag ang karne at bayaang maluto.

Hanguin at timplahan ng toyo. Haluin. Isunod ang sitaw at sibuyas, ang langis ng ensalada, sabaw at laurel. Timplahan ng asin at paminta.

Takpan at ibalik sa atay-atay na apoy mula sa 15 hanggang 20 minuto. Haluing manaka-naka. Kapag luto na, alisin ang dahon ng laurel. Ihaing mainit.

GINISANG SITSARO

1/4 na kilong baboy
5 pirasong sitsaron
2 sibuyas bumbay
2 kutsarang mantika
asin
1/2 kilong sitsaro
20 hipon
2 kamatis
1 butil na bawang

Hiwain ang baboy. Alisan ng gilid ang sitsaro. Talupan ang hipon at dikdikin ang ulo at kumuha ng katas. Hiwain ang sibuyas at kamatis at dikdikin ang bawang. Igisa ang mga ito sa mantika, at isunod ang baboy, sitsaron, hipon at sitsaro. Pabayaang kumulo. Isunod ang katas ng hipon at takpan. Bayaang kumulo uli. Ihaing mainit.

GINISANG TOGE

1/2 kilong toge
8 kamatis, inalisan ng balat
1 kutsarang mantika o langis pamprito
asin
sabaw ng buto
1 kutsaritang gawgaw
2 kutsarang tubig
1 kutsaritang langis pang-ensalada
paminta
sibuyas na mura

Hugasang mabuti at patuluin ang toge. Initin ang mantika o langis sa kaserola, lagyan ng asin at isangag dito ang toge sa loob ng 1 minuto. Idagdag ang sabaw, takpan at pakuluan ng 2 minuto. Isunod ang kamatis at lutuing 1 minuto. Isama ang gawgaw na tinunaw sa tubig, ang langis na pang-ensalada, paminta at sibuyas na mura na hiniwang may habang tig-1 1/2 pulgada ang bawat putol. Pabayaang 1 minuto pa sa apoy bago ihain.

GULAY NA LANGKA

1 langkang hilaw
1/2 puswelong baboy, hiniwang maliliit
1/2 puswelong hipon, tinalupan
1 maliit na sibuyas
2 butil na bawang, dinikdik
1 puswelong gata, malapot mantika

Talupan ang langka. Alisin ang ubod at hiwaing tig-1 pulgada ang laki. Dikdikin ang ulo at balat ng hipon. Kunin ang katas at isama sa 2 puswelong tubig. Salain at itabi.

Initin ang mantika. Igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang hipon, baboy at langka. Takpan at bayaang maluto. Idagdag ang katas ng hipon at timplahan ng asin o patis. Bayaang kuluan hanggang sa tuluyang maluto ang langka. Kapag luto na ay isama ang gata.

LAKSA

3 bulig
kalabasa
sitaw
talong
bataw
puso ng saging

Ihawin ang isda. Ilaga ang lahat ng gulay na hiniwa sa sukat na nais. Isunod ang isda, takpan at lutuin nang ilang sandali pa. Ang sawsawan ay bagoong na alamang.

RELYENONG SILI

6 na sili, katamtaman ang laki, hindi maanghang
4 na kutsarang mantekilya
1/2 puswelong tinadtad na sibuyas
1 butil na bawang, tinadtad
1/2 kilong baboy, giniling
1/2 puswelong kabute, tinadtad
1 1/2 puswelong biskotsong dinikdik
1 kutsaritang asin
1/4 na kutsaritang paminta, dinikdik
1/4 na puswelong dinurog na kesong pula
3/4 na puswelong tubig

Initin ang hurno sa 350°F.

Tapyasin ang sili. Alisin ang ubod at buto. Banlian. Igisa ang bawang at sibuyas sa ininit na mantekilya. Isama ang baboy. Manaka-nakang haluin hanggang mawala ang pamumula ng baboy. Idagdag ang kabute. Makaraan ang 3 minuto ay isama ang biskotso, asin at paminta. Ipaloob sa sili. Budburan ng keso ang ibabaw at iayos sa isang sisidlang panghurno. Lagyan ng tubig ang paligid ng sili bago ipasok sa hurno. Lutuin mula sa 20 hanggang 25 minuto.

RELYENONG TALONG

2 talong, katamtaman
3 kutsarang langis-pamprito
1 1/2 puswelong tinadtad na sibuyas bumbay
2 butil na bawang, pinitpit
1 1/2 puswelong tinalupang kamatis na hinog
1 1/2 kutsaritang asin
1/2 kutsaritang dinikdik na paminta
1/4 na kutsaritang dinurog na oregano
1 kutsarang ginayat na kintsay
2 kutsarang ginayat na kesong pula
4 na kutsarang dinurog na biskotso

Hiwain ang talong, pahaba. Kunin ang laman at hiwaing pakuwadrado. Itabi ang balat.

Initin ang mantika sa kawali. Igisa ang sibuyas. Isunod ang bawang at laman ng talong. Bayaang 5 minuto. Isama ang kamatis, asin, paminta, at oregano. Hinaan ang apoy at bayaang dito maluto ang mga sangkap, 10 minuto. Hanguin. Idagdag ang keso at kintsay. Tikman at dagdagan ang asin kung kulang sa inyong panlasa. Ilagay ang ginisang sangkap sa balat ng talong. Budburan ng biskotso. Lutuin sa hurnong may init na 375° F, 25 minuto. Kung walang hurno, gawin ang karaniwang paggamit ng itlog pagkalagay ng laman sa balat.

4. ANG PAGLULUTO NG ISDA

ANG ISDA ay isa sa pagkaing pinakamayaman sa protina, nguni't higit na mababa ang halaga at higit na madaling lutuin.

Ang isdang sariwa ay hindi mahirap makilala: bukod sa hindi masama ang amoy, ay buo ang mga kaliskis, matigas ang laman at hindi lumuluwa at namumula ang mga mata. At kung titingnan ang hasang, iyon ay mapula at hindi malansa. Higit na malasa ang isdang niluluto agad. Gayon man, kung ang sariwang isda ay lilinising mabuti at ibabalot sa supot na plastik o palara at itatago sa *freezer* ng repriheradora, iyon ay maipagpapaliban ng pagluluto sa ibang araw. Makatutulong pati sa gawain ng maybahay kung bago itago ang isda ay hihiwain na nang angkop sa lutuing pinaghahandaan.

Lalong magiging kasiya-siya ang lasa ng isda kung lulutuin sa lalong payak na paraan, tulad ng inihaw o pinesa, nguni't higit na karaniwan sa ating hapag ang pinirito, na kung hindi makakayang ubusin sa isang pagkain, ay magagawa sa iba pang lutuin. Halimbawa, ay sarsiyado, torta, kroketas, kardilyo at pansahog sa bulanglang.



ADOBONG ISDA

1 apahap o lapu-lapu
4 na kutsarang suka
2 sibuyas
1 dahon ng laurel
3 butil na bawang
3 kutsarang mantika
2 siling pula, hindi maanghang
asin

Linising mabuti ang isda at postahin. Asnan at itabi. Ihanda ang mga sangkap.

Pitpitin ang bawang. Gayatin ang sibuyas at hiwaing mahahabang manipis ang sili.

Iprito ang isda. Sa pinagprituhan ay igisa ang bawang at sibuyas. Isunod ang laurel. Timplahan ng suka at asin. Pagkulo ay ihulog ang sili. Bayaang maluto. Isunod ang isda at bayaang kuluang 5 minuto pa.

PASTEL NA BANGUS

3 karaniwang laking bangus
2 itlog
1/2 puswelong gisantes
3 kutsarang paminton
3 kutsaritang vet-sin
asin at pamintang panimpla

Pagkatapos linisin ang isda ay tapik-tapikin ng likod ng kutsilyo at alisin ang balat. Himayin at ingatang maalis na lahat ang tinik. Tadtarin o gilingin. Timplahan ng asin at paminta. Isama ang daiawang itlog. Ihalo ang iba pang sangkap. Kumuha ng isang liyanera, tunawan ng bahagyang mantika at dito ilagay ang inihandang laman ng isda. Pantayin ng kutsara ang ibabaw at ibagsak-bagsak sa ibabaw ng mesa upang masiksik. Ilagay ang liyanera sa isang sisidlang may tubig na kumukulo at ipasok sa hurnong may init na 375° F sa loob ng 20 minuto. Alisin sa hurno, palamigin bago isalin sa bandeha, o kung tutusukan ng dulo ng kutsilyo ay mahuhugot iyon nang walang bakas ng niluto.

SARSA NG PASTEL NA BANGUS

2 puswelong gatas ebaporada
4 na kutsarang mantekilya
4 na kutsarang arina
1 kutsaritang vet-sin
1 sibuyas bumbay
asin

